# Kodigo ng Asal



GRUNDFOS

Possibility in every drop

# Talaan ng nilalaman


**Isang mensahe mula sa ating CEO** 03

**Ang ating layunin** 04

**Ang ating mga prinsipyo** 05

**Ang ating kodigo ng asal** 06

**1. Lahat ng tao** 07

1.1 Mga karapatang pantao 08

1.2 Kapaligiran sa pagtatrabaho 09

1.3 Pantay-pantay na pagkakataon at kawalan ng diskriminasyon 10

**2. Ang ating kumpanya** 11

2.1 Kumpidensyal na impormasyon 12

2.2 Privacy ng data 13

2.3 Responsable sa kapaligiran 14

2.4 Social media 15

2.5 Artificial intelligence (AI) 16

**3. Ang ating negosyo** 17

3.1 Katiwalian 18

3.2 Panunuhol 19

3.3 Mga bayad para sa pagpapadali 20

3.4 Hospitalidad, kalibangan, at mga regalo 21

3.5 Salungatan ng interes 22

3.6 Bookkeeping at mga libro 23

3.7 Patas na kumpetisyon 24

3.8 Kontrol sa pag-export at mga sanction 25

**4. Pagsasalita** 26






# Isang mensahe mula sa ating CEO

Mahalagang gawin ang tama para sa ating mga tao, sa ating mga customer, sa ating mga partner, at sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran. Mahalaga ito sa akin, sa aking ama, at mahalaga ito sa aking lolo na nagtatag ng Grundfos mahigit 75 taon na ang nakalipas.

Ang mithiin ng aking lolo ang naglatag ng pundasyon para sa ating layunin at sa ating mga prinsipyo. Nakatuon pa rin tayo sa pagkakaroon ng positibong epekto sa mundo sa pamamagitan ng pagpapasimula ng mga solusyon sa mga hamon sa tubig at klima ng mundo at pagpapaganda ng kalidad ng pamumuhay ng mga tao.

Ang ibig sabihin ng ating malalim na paninindigan sa sustainability agenda at ng ating presensya sa buong mundo ay kailangang lagi tayong kumilos sa responsableng paraan.

Tayo ay isang kumpanyang inilalarawan ng ating mga prinsipyo, at nagkakaisa pa rin tayo sa hangarin nating patakbuhin ang ating kumpanya batay sa kultura ng katapatan at integridad.

Salamat sa pagganap sa iyong tungkulin sa pagsusulong ng ating mga prinsipyo at pagiging aktibo sa pagtiyak na matutupad natin ang mga obligasyong nakasaad sa ating Kodigo ng Asal. Sama-sama, makakagawa tayo ng pagbabago sa mundo.

**Taos-puso,**

**Poul Due Jensen**
Group President, CEO

# Ang ating layunin

Ang ating layunin ay magpasimula ng mga solusyon sa mga hamon sa tubig at klima ng mundo at pagandahin ang kalidad ng pamumuhay ng mga tao.

Sineseryoso natin ang ating responsibilidad at naninindigan tayo sa pagsusulong ng higit na paggalang at pag-unawa sa tubig sa buong mundo. Pinoprotektahan natin ang tubig sa pamamagitan ng pagbabawas ng basura, kawalan ng efficiency, kakapusan, kakulangan sa ginhawa, at kawalan ng access, saanman kailangan ang daloy ng tubig.

Isinusulong natin ang daloy ng tubig sa pamamagitan ng mga inobasyon sa sistema ng tubig pati na rin sa mga pag-optimize ng enerhiya, nang pinagtutuunan ang pagpapanatili ng daloy ng tubig ngayon at sa hinaharap.



# Ang ating mga prinsipyo

## Sustainable

Pinapatakbo ng Grundfos ang negosyo nito sa responsable at mas sustainable na paraan. Gumagawa tayo ng mga produkto at solusyon na nakakatulong sa ating mga customer na makatipid ng mga likas na yaman at mabawasan ang epekto sa klima. Aktibo tayo sa lipunan sa ating paligid. Ang Grundfos ay isang kumpanyang responsable sa lipunan. Inaalagaan natin ang ating mga tao - pati na ang mga may espesyal na pangangailangan.

## Bukas at mapagkakatiwalaan

Sa Grundfos, ginagawa natin ang sinasabi natin, at sinasabi natin ang ginagawa natin. Ang ating komunikasyon ay bukas at tapat sa ating mga sarili at sa mundo sa ating paligid. Inihahayag natin ang mga katotohanan - pati na kapag hindi ito kaaya-aya.

## Nakatuon sa mga tao

Ang Grundfos ay ang ating mga tao. Pinapaunlad natin ang indibidwal. Lahat ng tao sa Grundfos ay may sigasig at potensyal. Lahat ay may kakayahang mang-impluwensya. Lahat ay dapat makaramdam ng paggalang at pagpapahalaga.

## Independent

Ang pangunahing shareholder ng Grundfos – ngayon at sa hinaharap – ay ang Poul Due Jensen Foundation. Ang kita ay isang paraan para lumago – hindi isang layunin. Lagi nating tinitiyak na maayos ang ating pinansyal na pundasyon.

## Pakikipagtulungan

Lumilikha ng halaga ang Grundfos sa pamamagitan ng mga malapit na ugnayan sa mga customer, supplier, at iba pang stakeholder. Isa tayong pandaigdigang kumpanya na nagpapalawak batay sa lokal na pagnenegosyo. Naniniwala tayo na ang pagkakaiba-iba ay nagdadala ng pagbabago at paglago.

## Walang tigil ang pagpupursigi

Sa Grundfos, hindi tayo tumitigil sa paghamon sa ating sarili na gumawa ng mas magagandang solusyon nang mas mabilis. Ipinagmamalaki natin ang paghahatid ng premium na kalidad sa lahat ng ating ginagawa. Nagpapakita tayo ng pamumuno at binabago natin ang hinaharap.

# Ang Ating Kodigo ng Asal

Ang Kodigo ng Asal na ito ay nagsisilbing tulong para maunawaan ang mga pangunahing elemento ng ating mga prinsipyo, patakaran, prinsipyo sa etika, at batas. Hindi nito masasagot ang bawat isang tanong pero ito ang sanggunian nating lahat na dapat humubog sa ating pagkilos, makatulong sa mga desisyon, at maglarawan kung sino tayo at kung sino ang gusto nating maging. Kinukumpirma nito ang ating personal at propesyonal na paninindigan sa maraming iba't ibang isyu na sa paniniwala natin ay mahalaga sa pagtiyak na nakikipagtransaksyon tayo batay sa katapatan at integridad.

Nalalapat ang Kodigo ng Asal sa buong mundo sa lahat ng empleyado at miyembro ng Lupon na nagtatrabaho sa alinman sa ating mga kumpanya pati na rin sa mga third party na nagtatrabaho para sa atin. Inaasahan natin na ang lahat ng empleyado at iba pang kumikilos para sa atin, ay laging susunod sa ating Kodigo ng Asal.

Ang ilang paksang tinatalakay sa Kodigo ng Asal ay mas ipinapaliwanag pa sa mga patakaran, pamamaraan, programa sa pagsunod, alituntunin, panlabas na paninindigan tulad ng UN Global Compact, atbp. at responsibilidad ng lahat ng empleyado na hanapin ang impormasyong may kinalaman sa kanilang trabaho. Sumusunod tayo sa mga lokal na batas at regulasyon saanman tayo nagpapatakbo.

Sa ilang bansa, posibleng mas mahigpit ang mga lokal na batas, regulasyon, o kodigo ng industriya kaysa sa kodigong ito. Sa iba, posibleng mas mahigpit ang ating kodigo. Laging ang pinakamahigpit na panuntunan ang sinusunod natin.

Ang ating Kodigo ng Asal ay sinusuportahan ng matibay na framework ng pamamahala na may layuning suportahan at pangasiwaan ang pangkalahatang pag-unawa at pagsunod sa ating Kodigo ng Asal.

Ang framework na ito ay binubuo ng ilang inisyatiba, at kasama rito ang:

- Ang Ethics Committee
- Ang Whistleblower System ng Grundfos
- Mandatoryong training sa Kodigo ng Asal para sa lahat.





# 1

# Lahat ng tao


1.1 Mga karapatang pantao
1.2 Kapaligiran sa pagtatrabaho
1.3 Pantay-pantay na pagkakataon at kawalan ng diskriminasyon

# 1.1 Mga karapatang pantao

Sa Grundfos, iginagalang natin ang integridad at dignidad ng bawat tao, at kinikilala at tinatanggap natin ang ating responsibilidad na magpatakbo nang may paggalang sa mga karapatang pantao sa ating value chain.

Ang ating gawain sa mga karapatang pantao ay pinapamahalaan ng ating Patakaran sa Karapatang Pantao at nakatanim sa mga kasalukuyang patakaran at proseso.

Aktibo tayong nagsisikap na maiwasan ang magdulot o mag-ambag sa masamang epekto sa mga karapatang pantao sa lahat ng aktibidad at tinutugunan natin ang mga ganitong epekto sakaling mangyari ang mga ito. Sinisikap din nating pigilan o pagaanin ang masamang epekto sa karapatang pantao na direktang nauugnay sa ating mga pagpapatakbo, produkto, o serbisyo o sa ating mga ugnayang pangnegosyo sa ating value chain.

Ang lahat ng ating mga empleyado ay may karapatang magkaroon ng ligtas at maayos na kapaligiran sa trabaho, sumali sa isang organisasyong napili nilang kumatawan sa kanilang mga interes, at huwag makaranas ng panliligalig at diskriminasyon. Hindi tayo makikinabang sa puwersahan o sapilitang paggawa o anupamang anyo ng pamumuwersa. Hindi natin kinukunsinti ang pagpapatrabaho ng bata nakatuon tayo sa pag-aambag sa epektibong pagwawakas nito.

Inaasahan natin na susuportahan at igagalang ng lahat ng ating empleyado ang mga karapatang pantao sa ating trabaho sa araw-araw.

Ang ating diskarte sa mga karapatang pantao ay nakabatay sa mga prinsipyo sa mga karapatang pantao na kinikilala sa buong mundo tulad ng inilalarawan sa International Bill of Human Rights, at sa deklarasyon ng International Labour Organisation (ILO) tungkol sa Mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho.



## Q&A

**Q: May narinig akong kasamahan na nagkuwento tungkol sa pagpunta sa isang supplier, kung saan mukhang napakabata ng mga empleyado. Nagtanong siya tungkol dito sa site pero wala siyang nakuhang sagot. Hindi lang ba dapat iyon ang ginawa ng kasamahan ko?**

A: Tama ang ginawa ng kasamahan mo na napuna niya ang isang potensyal na paglabag sa mga karapatang pantao at binanggit niya sa supplier ang alalahanin. Ang susunod na hakbang ay i-report ito ng kasamahan mo ito sa ating purchasing department. Lagi tayong kumikilos sa responsableng paraan, at iginagalang natin ang mga karapatang pantao sa ating value chain at tinitiyak natin na hindi tayo sumusuporta sa pagpapatrabaho ng bata o sapilitang paggawa.

## 1.2
# Kapaligiran sa pagtatrabaho

Nakatuon tayo sa pagtiyak sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng magandang kapaligiran sa trabaho, pagpigil sa mga pinsalang nauugnay sa trabaho, at pagtiyak na may magandang balanse sa pangangatawan, damdamin, at trabaho at pamumuhay.



Aktibo tayong nakikibahagi sa mga inisyatiba at pakikipagtulungan nang may layuning pagandahin ang kalidad ng pamumuhay ng mga tao, at wala tayong tigil sa pagpupursiging magkaroon ng kalusugan, kaligtasan, at kapakanan sa Grundfos. Sinumang empleyado ay puwedeng makaranas ng stress, sakit, pinsala, o hindi maayos na kapakanan ng pag-iisip at bilang kumpanya, sineseryoso rin natin ito.

Kung sa palagay natin ay hindi ligtas o maayos ang ating kapaligiran sa pagtatrabaho, dapat tayong magsalita at kumilos, kaugnay ng kalusugan, kaligtasan, at kapakanan natin, pati na rin ng ating mga kasamahan. Sa mga ganitong sitwasyon, laging ipagbigay-alam sa iyong people leader o sa iyong lokal na Health & Safety na siyang responsable.

Lahat tayo ay may responsibilidad na mag-ambag sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng ating sarili at ng ating mga kasamahan at dapat:
**• Tumuon • Kumilos • Huwag magkompromiso**

## Q&A

**Q: May napansin akong maliit na isyu sa kaligtasan. Dapat ko ba itong i-report?**
A: Oo, dapat iulat ang lahat ng isyu sa kaligtasan. Siguraduhing walang kahit sinong nasa agarang panganib, ipagbigay-alam sa iyong people leader, at i-report ang isyu gamit ang SIMS, ang ating Incident Management System.

**Q: Hindi ako nakakaramdam ng motibasyon gaya ng karaniwan. Dapat ba akong makipag-usap sa isang tao?**
A: Oo, dapat kang makipag-usap sa iyong people leader para talakayin kung paano ka masusuportahan ng Grundfos.

# 1.3 Pantay-pantay na pagkakataon at kawalan ng diskriminasyon

Bilang bahagi ng ating mga prinsipyo at ng ating paninindigan sa mga karapatang pantao, iginagalang natin ang mga indibidwal na may iba't ibang pinagmulan, at hindi tayo tumatanggap ng anumang uri ng diskriminasyon.

Sinusuportahan natin ang isa't isa sa ating mga gawain sa araw-araw at sinisikap nating mag-ingat sa kung paano posibleng makaapekto sa iba ang ating mga salita at kilos. Nagsusulong at sumusuporta tayo sa inklusibong kultura kung saan pinapahalagahan natin ang ating pagkakaiba-iba sa pinagmulan, karanasan, at pananaw. Naniniwala tayo na pinapatibay ng ating pagkakaiba-iba ang ating kalamangan sa kumpetisyon sa pamamagitan ng pagtutulak sa pagbabago sa isang kapaligiran sa trabaho kung saan puwedeng magtagumpay at lumago ang mga tao. Gusto nating maramdaman ng mga tao na kabilang sila.

### Alam mo ba?

Bumuo tayo ng Patakaran sa Pagpigil sa Panliligalig. Sa patakaran, makakapagbasa ka ng higit pa tungkol sa ating paninindigan sa ligtas at inklusibong lugar ng trabaho.



### Q&A

**Q: Isang kasamahan ang nagsabi ng mga nakakainsultong biro tungkol sa mga partikular na nasyonalidad. Hindi ako nagkomento tungkol dito, pero hindi ako kumportable rito. May dapat ba akong gawin tungkol dito?**

A: Oo, inaasahan natin na susuportahan ng lahat ng empleyado ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama para matiyak na magkakaroon ng inklusibong kultura. Dapat kang magsalita. Kung hindi ka kumportableng magsalita, puwede ka ring makipag-ugnayan sa iyong people leader o HR.

**Q: Ano ang puwede kong gawin para sumuporta sa inklusibong kultura?**

A: Sa pamamagitan ng pagsunod sa ating mga prinsipyo sa Grundfos, isinusulong at sinusuportahan mo ang isang inklusibong kultura. Bukod pa rito, nag-aalok tayo ng ilang internal resource para sa pag-aaral at pag-unlad.



# 2

# Ang ating kumpanya


2.1 Kumpidensyal na impormasyon
2.2 Privacy ng data
2.3 Responsable sa kapaligiran
2.4 Social media
2.5 Artificial intelligence (AI)

## 2.1
# Kumpidensyal na impormasyon

Dahil ang integridad sa negosyo at inobasyon ay nasa sentro ng ating negosyo, dapat nating protektahan ang impormasyong natatanggap natin nang may kumpyansa bilang bahagi ng ating trabaho.

Mas malawakan itong nalalapat sa impormasyon tungkol sa ating mga customer, kasosyo, kasamahan, iba pang usaping kinakaharap sa Grundfos. Isang mahalagang bahagi ng ating kumpidensyal na impormasyon ay ang ating mga lihim sa kalakalan. Dapat nating protektahan ang ating kumpidensyal na impormasyon laban sa hindi awtorisadong paghahayag sa sinumang nasa labas o loob ng Grundfos. Hinding-hindi dapat tayo magbahagi ng kumpidensyal na impormasyon maliban na lang kung mayroon tayong lehitimong layunin sa negosyo para gawin iyon, pinapayagan ito alinsunod sa ating mga patakaran at mga kaugnay na batas at regulasyon.

**Mga karaniwang halimbawa ng kumpidensyal na impormasyon:**

- Mga listahan ng customer at impormasyon tungkol sa presyo at gastos ng produkto
- Mga teknikal na detalye ng ating mga system, mga produkto, at ating proseso ng manufacturing ng produkto
- Ang ating mga diskarte sa negosyo at mga plano sa paglulunsad

## Ano ang lihim sa kalakalan?

Ang lihim sa kalakalan ay isang mahalagang piraso ng kumpidensyal na impormasyon tungkol sa isang kumpanya na nagbibigay sa kumpanya ng kalamangan sa kumpetisyon. Posibleng binubuo ito ng maraming iba't ibang impormasyon tulad ng impormasyon tungkol sa mga teknolohiya, pananalapi, benta, pagpapatakbo, mga karapatan sa intelektwal na ari-arian (intellectual property rights o IPR), at kaalaman.



## Q&A

**Q: Puwede bang kumuha ng litrato ang mga empleyado o bisitang kasama sa isang guided tour sa ating mga pabrika?**

A: Hindi, hindi pinapayagang kumuha ng litrato ang mga empleyado o bisita. Ang mga litrato ay posibleng hindi sinasadyang magbunyag ng impormasyon tungkol sa mga proseso ng manufacturing o iba pang kumpidensyal na impormasyon.

**Q: May ginagawa akong kumpidensyal na proyekto at kailangan kong mag-print ng ilang materyal tungkol sa proyekto. Problema ba iyon?**

A: Hindi, hindi kung ilalagay mo ang naka-print na materyal sa isang ligtas na lugar tulad ng naka-lock na cabin. Hindi mo dapat iwanan ang mga print kung saan maa-access ang mga ito ng iba.

**Q: Nasa tren ako at gusto kong magtrabaho sa isang proyekto. Ayos lang ba iyon?**

A: Oo, puwede kang magtrabaho sa tren o sa iba pang pampublikong lugar hangga't maingat ka. Hindi mo dapat talakayin ang anumang kumpidensyal na impormasyon sa telepono o kasama ng isang kasamahan at dapat mo laging tiyakin na walang makakakita sa nilalaman ng iyong screen (hal., sa pamamagitan ng pagkakaroon ng privacy screen protector sa iyong laptop).

# 2.2 Privacy ng data

Lubos tayong nakatuon sa paggalang sa privacy ng mga indibidwal at sa mga prinsipyo ng pagpapasya sa sarili at dignidad ng tao.

Ang personal na data ay anumang impormasyong nauugnay sa isang nakilala o makikilalang tao at may kasamang impormasyon tungkol sa mga empleyado, customer, supplier, at iba pang kasosyo sa negosyo ng Grundfos.

Hinding-hindi natin ituturing na masasamantalang asset ang personal na data, pero iginagalang natin ang privacy bilang pangunahing karapatang pantao.

Mangolekta, gumamit, at magbahagi lang ng personal na data kung naaangkop at kinakailangan ito sa trabaho o gawain na isinasagawa mo. Laging i-store ang personal na data sa secure na paraan.

I-delete ang personal na data kapag hindi mo na ito kailangan. Sumunod sa lahat ng internal na alituntunin at pamamaraan sa privacy ng data.



## Q&A

**Q: May access ako sa isang dokumento sa SharePoint na may personal na data, pero wala dapat akong access sa dokumentong iyon. Ano ang dapat kong gawin?**

A: Dapat mong siguraduhin na made-delete ang access mo. Pakiabisuhan din ang Legal Department dahil posibleng may obligasyong i-report sa mga awtoridad ang paglabag.

**Q: Kailangan kong magpadala ng file na naglalaman ng impormasyon ng empleyado sa isang third party. Puwede ko ba iyong gawin?**

A: Oo, kung sigurado ka na puwede kang magpadala ng personal na data sa labas ng Grundfos, puwede mong ipadala ang email gamit ang tamang pag-encrypt. Kung nag-aalinlangan ka, magtanong sa iyong people leader, o makipag-ugnayan sa Legal Department para matiyak na nakatakda ang mga kinakailangang kasunduan.

**Q: Nag-ayos ako ng conference at nangolekta ako ng impormasyon tungkol sa mga kalahok tulad ng mga pangalan, address, at numero ng telepono. Ano ang dapat kong gawin sa impormasyong ito pagkatapos ng conference?**

A: Maliban na lang kung nakakuha ka ng partikular na pahintulot mula sa mga kalahok, kailangan mong i-delete ang impormasyon pagkatapos ng conference.



1. Lahat ng tao
2. Ang ating kumpanya
3. Ang ating negosyo
4. Pagsasalita

## 2.3
# Responsable sa kapaligiran

Ang pagpapatakbo ng ating negosyo sa responsable at mas sustainable na paraan ay isang mahalagang bahagi ng ating layunin at mga prinsipyo.

Hindi lang limitado ang ating mga pagsisikap sa ating mga sariling pagpapatakbo, pero nasasaklawan din nito ang buong value chain, mula sa ating mga supplier hanggang sa mga kasosyo sa negosyo at mga customer sa buong mundo, at sa mga lokal na komunidad kung saan mayroon tayong espesyal na responsibilidad na pangalagaan ang mga tao at kapaligiran.

Bilang mga empleyado, lahat tayo ay tagapangalaga ng kapaligiran. Dapat tayong maging maingat sa pagtingin at pagdadala ng mga pagkakataong bawasan ang pagkonsumo ng enerhiya at carbon emissions sa ating value chain, sa pag-aambag sa ligtas at sustainable na paggamit ng tubig sa ating mga pagpapatakbo at supply chain, at sa paglalapat ng pangkabuuang mindset ng pag-reuse, pag-reduce, at pag-recycle sa buong lifecycle ng ating mga produkto.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagbabago kasama ng ating mga customer, bumubuo tayo ng mga produkto at solusyon na may positibong epekto sa mundo, na makakatulong sa mga customer na makamit ang kanilang mga ambisyon sa sustainability pagdating sa pagbabawas ng paggamit ng enerhiya, tubig, at likas na yaman.

### Ang ating paninindigan sa sustainability ay naaayon sa mga nangungunang internasyonal na framework:

- Ang Grundfos ay ang unang kumpanya ng mga solusyon sa tubig na nagtakda ng layunin sa klima na Net Zero hanggang 2050 na inaprubahan ng Science Based Targets Initiative
- Nakatuon ang Grundfos sa sampung prinsipyo ng United Nations Global Compact para sa responsable, sustainable, at etikal na negosyo



# 2.4
# Social media

## Isang pangunahing prinsipyo para sa atin ang pagtitiwala sa atin ng ating mga stakeholder at pakiramdam nila na tayo ay nakikipag-ugnayan sa matapat at transparent na paraan.

Bilang mga empleyado, mayroon tayong iisang pagkakakilanlan at responsibilidad na protektahan ang ating brand. Bilang mga indibidwal, mayroon tayong mga sariling opinyon, ideya, at interes na gusto nating ibahagi sa iba. Pinapadali ng mga social media platform na kumonekta at makipag-ugnayan agad-agad sa malaking audience at alam dapat nating lahat kung paano tayo nagsusulat tungkol sa Grundfos at kung paano natin ipinepresenta ang ating sarili sa social media.

Kung magpa-publish ka ng content na nauugnay sa Grundfos, tandaan na hindi lang ikaw ang sinasalamin ng mga pagkilos mo, pero pati na rin ang Grundfos, nagsasalita ka man para sa iyong sarili o bilang kinatawan ng Grundfos. Dapat kang maging magalang at dapat mong layuning magdagdag ng halaga sa usapan, dapat mong laging protektahan ang reputasyon ng Grundfos, at dapat kang maging maingat sa kung paano mo ginagamit ang pangalan at logo ng Grundfos.

Sa ating mga internal at external na social media platform, lagi tayong nakikipag-ugnayan sa bukas, nakakatulong, at magalang na paraan kahit na salungat ang ating mga pananaw.

### Mga patnubay para sa kung paano kumilos sa social media:

- Tratuhin ang lahat nang may paggalang
- Kapag nagpo-post ka ng mga personal na opinyon, malinaw na sabihin na ang iyong mga opinyon ay personal, at hindi sa Grundfos
- Huwag magbahagi ng kumpidensyal na impormasyon at igalang ang privacy
- Mag-isip bago mag-post; umiwas sa kontrobersyal o hindi naaangkop na content na posibleng makapinsala sa reputasyon ng Grundfos
- Humingi ng pahintulot at magbigay ng kredito kapag nagbabahagi ng content ng iba




### Q&A

**Q: May nag-post ng pahayag sa social media tungkol sa isa sa ating mga produkto na hindi tama. Ano ang dapat kong gawin?**
A: Nakakatuksong ikaw mismo ang sumagot dito. Gayunpaman, maliban na lang kung isa kang awtorisadong spokesperson, dapat kang makipag-ugnayan sa ating social media team o Group Communications at dapat mong ipaliwanag sa kanila ang sitwasyon para magawa nila ang mga kinakailangang hakbang.

**Q: Puwede ba akong mag-post ng mga litrato mula sa mga event ng kumpanya sa social media?**
A: Oo, maganda ang tunay na content. Siguraduhin lang na walang kumpidensyal at may pahintulot ka mula sa mga taong ipinapakita sa mga litrato.

## 2.5

# Artificial intelligence (AI)

Nakatuon tayo sa paggamit, pagbuo, at pag-deploy ng artificial intelligence na lumilikha ng halaga para sa ating kumpanya, mga customer, at sa lipunan sa pangkalahatan.

Ang paggamit ng artificial intelligence ay kumakatawan sa maraming pagkakataon para sa pagpapabuti ng efficiency, pagbabawas ng gastos, o pagpapabilis ng pagbuo ng mga bagong produkto at serbisyo. Talagang nasasabik tayo tungkol dito, pero alam din natin ang masamang epekto na puwede itong magkaroon, halimbawa, sa ating kumpidensyal na impormasyon, mga karapatan sa pagmamay-ari ng iba, hindi sinasadyang pagkiling, diskriminasyon, o paghuhusga ng tao.

Ang lahat ng empleyadong gumagamit ng artificial intelligence ay may obligasyong siguraduhin na ito ay inklusibo, ligtas, mapagkakatiwalaan, at maipapaliwanag sa konteksto nito. Dapat itong buuin alinsunod sa ating mga alituntunin tungkol sa artificial intelligence at sa mga intensyon sa internasyonal na batas.

Ang AI ay tungkol sa paggamit ng computation sa mga makabagong paraan para maipamuhay natin ang ating layunin at maisakatuparan natin ang ating mga layunin negosyo sa mas mahusay na paraan kinabukasan. Lagi tayong sumusunod sa ating mga alituntunin kung paano gumamit ng AI sa Grundfos.



### Q&A

**Q: Gusto kong gumamit ng mga AI tool para sa trabaho ko, pero hindi ako sigurado kung ayos lang ba ito?**

A: Sa pangkalahatan, ayos lang na gumamit ka ng mga AI tool para sa trabaho mo. Gayunpaman, para sa ilang larawan, posibleng may mga paghihigpit, kaya naman mahalagang maging pamilyar ka sa mga alituntuning naaangkop para sa iyong linya ng trabaho.

**Q: Mayroon ba akong partikular na dapat bigyang-pansin kapag gumagamit ng mga AI tool para sa trabaho ko?**

A: Una, laging siguraduhin na sumusunod ka sa ating mga internal na alituntunin. Siguraduhin din na kapag gumamit ka ng mga AI tool, hindi ka magbabahagi ng mga sensitibong impormasyon ng Grundfos o personal na impormasyon. Dagdag pa rito, mahalagang suriin mo ang output bilang tao para hindi makalikha o makapagbahagi ng maling impormasyon.



# 3

# Ang ating negosyo


3.1 Katiwalian
3.2 Panunuhol
3.3 Mga bayad para sa pagpapadali
3.4 Hospitalidad, kalibangan, at mga regalo
3.5 Salungatan ng interes
3.6 Bookkeeping at mga libro
3.7 Patas na kumpetisyon
3.8 Kontrol sa pag-export at mga sanction



1. Lahat ng tao
2. Ang ating kumpanya
3. Ang ating negosyo
4. Pagsasalita

## 3.1
# Katiwalian

Nagpapatakbo tayo sa maraming bansa, at sa iba't ibang kultura, tradisyon, at lokal na batas at regulasyon. Lagi tayong nagsasagawa ng negosyo nang may integridad at sa patas at legal na paraan.

Ang katiwalian ay ang pag-abuso sa pinagkakatiwalaang kapangyarihan para sa pribadong pakinabang at puwede itong magkaroon ng maraming anyo. Ang katiwalian ay isang pangkalahatang termino mula sa malawakang katiwalian, panunuhol, at mga money laundering scheme hanggang sa mga hindi matapat na pabor sa negosyo sa araw-araw. May negatibong epekto ang katiwalian sa mga tao at lipunan.

Nagtatrabaho tayo laban sa katiwalian sa lahat ng anyo nito at mayroon tayong zero-tolerance na patakaran sa panunuhol at mga bayad para sa pagpapadali, ginawa man ng mga empleyado o ng mga third party na kumikilos para sa atin. Umiiwas tayo sa mga salungatan ng interes at tinitiyak natin na ang ating mga personal na interes ay hinding-hindi magkakaroon ng hindi makatuwirang impluwensya sa ating propesyonal na paghuhusga. Hinding-hindi tayo gumagawa ng mga pahayag o nagbibigay ng pinansyal o iba pang kontribusyon sa mga partido o organisasyong pampulitika, dahil nananatili tayong walang pagkiling sa pulitika sa ating mga ugnayan sa pulitika at pamahalaan.



# 3.2
# Panunuhol

## Ang panunuhol ay isang partikular na anyo ng katiwalian na parehong hindi etikal at ilegal sa karamihan ng mga bansa. Naniniwala tayo na ang panunuhol ay nakakapinsala sa ating kumpanya at sa mga komunidad kung saan tayo nakikipagtransaksyon.

Sa Grundfos, parehong mahigpit na ipinagbabawal ang pagbibigay o pagtanggap ng mga suhol, kasama ang kapag pinangasiwaan sa pamamagitan ng third party.

Ang mga suhol ay puwedeng lumabas sa maraming anyo pero sa pangkalahatan, ito ay tungkol sa isang bagay na may halaga - ibinigay o ipinangako - para maimpluwensyahan ang paghuhusga o pagkilos ng isang taong nasa isang pinagkakatiwalaang posisyon. Ang suhol ay hindi kinakailangang may kinalaman sa paglilipat ng pera, puwede itong magkaroon ng maraming anyo tulad ng labis-labis na regalo, hospitalidad, access sa mga asset o pabor sa mga kaibigan at kamag-anak ng mga ugnayan sa negosyo.

Hinding-hindi tayo nag-aalok o tumatanggap ng mga suhol kasama ang mga kickback o anumang bagay na may halaga na posibleng hindi angkop na makaimpluwensya sa isang desisyon sa negosyo, at kapag may pag-aalinlangan, tayo ay nagsasalita, humihingi ng payo, o gumagamit ng ating whistle-blower hotline.

Dapat partikular na mag-ingat kapag gumagamit ng mga third party, kasama na ang mga agent, sales representative, consultant, intermediary, at distributor dahil may dalang malaking panganib ang mga ito sa ilalim ng mga batas laban sa katiwalian.

Laging gamitin ang pamantayan sa due diligence sa Business Partner ng Grundfos kapag nakikipagtulungan sa mga third party.



# 3.3
# Mga bayad para sa pagpapadali

Ang bayad para sa pagpapadali ay isang uri ng suhol. Hindi tayo tumatanggap ng mga bayad para sa pagpapadali dahil ito ay itinuturing na parehong salungat sa ating mga prinsipyo at may malaking negatibong epekto sa mga lipunan kung saan binabayaran ang mga ito.

Ang mga bayad para sa pagpapanatili ay maliliit na bayad na ibinibigay para masigurado o mapabilis ang isang nakagawian o iba pang kinakailangang proseso na karapat-dapat namang makuha ng nagbabayad.

Karaniwang hinihingi ang mga ito sa mga pang-araw-araw na transaksyon, at puwedeng nasa iba't ibang anyo ang mga ito, tulad ng cash, alak, sigarilyo, voucher, at ticket sa mga event, atbp. Ito ay itinuturing na suhol at kadalasang ilegal, at hiwalay ang mga ito sa iba pang anyo ng panunuhol dahil hindi ibinibigay ang mga ito para makakuha o makapagpanatili ng negosyo.

Lagi tayong umiiwas sa pagbibigay ng mga bayad para sa pagpapadali maliban na lang kung sa palagay natin ay nasa panganib ang ating personal na kaligtasan. Sa ganoong sitwasyon, dapat mo itong i-report agad sa iyong people leader.



## Q&A

**Q: Naipit ang mga produkto ko sa border at sinabi sa akin ng customs na aabutin nang ilang buwan ang pagpapabilis maliban na lang kung magbabayad ako ng bayarin. Pinapayagan ba akong magbayad ng ganoong bayarin?**

A: Hindi, hindi tayo nagbibigay ng bayad para sa pagpapadali. Sa halip, umiiwas tayo sa ganito sa pamamagitan ng pagpaplano nang maaga para mapangasiwaan ang anumang hindi inaasahang pagkaantala sa customs.

**Q: Kailangan kong kumuha ng lisensya sa negosyo at nabalitaan kong puwedeng abutin nang ilang buwan bago ito makuha, pero puwede akong kumuha ng consultant na tutulong sa aking makuha ito sa loob ng ilang araw. Puwede ba akong kumuha ng consultant para magpatulong?**

A: Puwede kang kumuha ng consultant na tutulong sa iyo sa proseso ng aplikasyon hangga't ang bayarin ay hindi nakatagong bayad para sa pagpapadali.

1. Lahat ng tao
2. Ang ating kumpanya
3. Ang ating negosyo
4. Pagsasalita

## 3.4
# Hospitalidad, kalibangan, at mga regalo

Hinding-hindi tayo magbibigay o tatanggap ng anumang benepisyo tulad ng hospitalidad, kalibangan, at mga regalo na posibleng magkaroon ng hindi makatuwirang impluwensya sa isang kinatawan ng gobyerno, supplier, o customer sa kanilang mga pakikipagtransaksyon sa Grundfos na posibleng maglagay ng sarili nating integridad sa alanganin.

Ang hospitalidad, kalibangan, at mga regalo ay posibleng maging mahalagang paraan para bumuo at magpatibay ng mga ugnayang mahalaga sa ating negosyo. Ang pagbibigay ng mga murang regalo o maliliit na tanda ng pasasalamat ay itinuturing na normal sa maraming bansa. Ang hamon ay napakaliit ng pagkakaiba sa pagitan ng katanggap-tanggap na kasanayan sa negosyo at ilegal na panunuhol, at madali itong magawa nang sinasadya o hindi sinasadya.

Kung mag-aalok tayo ng mga regalo o magbabayad tayo ng hospitalidad at kalibangan, lagi nating sisiguraduhin na hindi ito sobra-sobra o labis-labis pero ito ay makatuwiran, naaangkop, at lehitimo.

Kung makakatanggap ka ng regalo mula sa isang kasosyo sa negosyo, dapat mong suriin kung ang regalo ay katanggap-tanggap at ibinigay nang may mabuting loob, at hindi bilang pagtatangkang impluwensyahan ka sa hindi makatuwirang paraan. Kung hindi ka sigurado, i-report ang regalo sa people leader mo para matulungan ka ng iyong people leader na magpasya kung tatanggapin mo ba ito o hindi. Para matiyak ang sarili nating integridad, laging tayo ang magbabayad ng mga gastos sa pagbiyahe at magdamag na pananatili para sa ating mga empleyadong dumadalo sa mga event na isinaayos ng iba.

**Mga pangkalahatang prinsipyo sa mga regalo, kalibangan, at iba pang benepisyo:**

- Hindi tayo nagbibigay o tumatanggap ng mga regalo, benepisyo, at kalibangan na may layuning impluwensyahan ang anumang pagpapasya
- Gusto nating pigilan ang anumang pagtatangkang mang-impluwensya sa hindi naaangkop na paraan pero pati na rin ang anumang dating o impresyon na nangyayari ito
- Lagi nating isinasaalang-alang ang konteksto ng ugnayan at sitwasyon
- Tayo ay bukas at transparent, at dapat ka laging kumonsulta sa iyong people leader kung nag-aalinlangan ka
- Ang mga lokal na kaugalian at gawi ay hinding-hindi nagbibigay-katuwiran sa hindi pagsunod sa ating Kodigo ng Asal



## Q&A

**Q: Nakatanggap ako ng malaking kahon ng chocolate para sa Pasko mula sa isang supplier. Ano ang dapat kong gawin?**

A: Dapat mong ibahagi ang chocolate sa iyong mga kasamahan at ilagay ang kahon sa opisina para matiyak na matitikman ito ng mga kasamahan mo.

**Q: Nakatanggap ako ng regular na pen at pad ng papel na may pang-advertising na logo mula sa isang customer, puwede ko ba itong itago?**

A: Oo, puwede mong tanggapin ang mga item dahil nabibilang ang mga ito sa tinutukoy natin bilang natural trivial limit.



# 3.5 Salungatan ng interes

Lagi tayong nagpapasya para sa pinakaikabubuti ng Grundfos, at hindi dapat tayo maimpluwensyahan sa hindi naaangkop na paraan ng mga personal, pinansyal, o pampulitikang interes o anupamang personal na pakinabang.

Nangyayari ang salungatan ng interes kapag ang ating mga personal na interes ay nagkakaroon ng hindi makatuwirang impluwensya o puwedeng ituring na nakakaimpluwensya sa ating propesyonal na paghuhusga. Maiiwasan o malulutas ang karamihan ng mga salungatan ng interes kung maayos na maisisiwalat ang mga ito.

Kung malalagay ka sa isang sitwasyon kung saan ang mga sarili mong personal na interes at ang mga interes ng Grundfos ay posibleng magkasalungat o kung saan posibleng makatuwirang maisip ng isang tao na magkasalungat ang mga ito, dapat mo itong isiwalat agad sa iyong people leader at huwag ka dapat sumali sa anumang proseso ng pagpapasya.

**Ang mga salungatan ng interes ay posibleng magkaroon ng maraming anyo at ang mga karaniwang halimbawa ay:**

- Pagkuha ng kamag-anak o kaibigan bilang empleyado o para magbigay ng mga serbisyo sa Grundfos
- Pagtatrabaho nang part-time o bilang consultant sa isang kumpanyang nagbebenta ng mga kakumpitensyang produkto
- Pagtanggap ng posisyon sa lupon ng isang supplier o kakumpitensya
- Pagmamay-ari ng bahagi ng isang negosyong nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa Grundfos
- Paggamit ng mga supplier o service provider sa Grundfos para sa personal na paggamit
- Pagtanggap ng mga regalo mula sa mga supplier at service provider sa Grundfos

## Q&A

**Q: May pinsan ako na gusto kong kunin para gumawa ng ilang trabaho para sa Grundfos. Mayroon tayong lehitimong dahilan para kumuha ng full-time na empleyado para gawin ang trabaho at ang talagang kwalipikado sa larangan ang pinsan ko. Puwede ko bang kunin ang pinsan ko para gawin ang trabaho?**

A: Kahit na may lehitimong dahilan para kunin ang isang tao, lumilikha ng impresyon ng salungatan ng interes ang sitwasyon. Lagi ka dapat kumonsulta sa HR para makapagsagawa ng independent na pagsusuri. Mapoprotektahan ka rin nito at ang iyong pinsan kung may magtatanong kung nagkaroon ba ng hindi makatuwirang impluwensya sa iyong desisyon ang relasyon.

## 3.6
# Bookkeeping at mga libro

Para makagawa tayo ng mga responsableng desisyon sa negosyo at mapanatili natin ang tiwala ng ating mga stakeholder kasama na ang gobyerno, umaasa tayo sa mga kumpleto at tumpak na talaan.

Samakatuwid, napakahalagang siguraduhin ng lahat ng empleyado ang integridad, katumpakan, at pagiging epektibo ng ating record-keeping. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagtiyak na ang ating mga talaan at libro ay sumusunod sa Accounting Manual ng Grundfos at sumusunod sa ating mga internal na kontrol. Ang lahat ng transaksyon ay dapat itala nang wasto, gamit ang tamang booking account, profit at cost center, sa loob ng nauugnay na panahon ng accounting.

### Mga kapaki-pakinabang na kahulugan

**Accounting manual**
Ang lahat ng mahalagang patakaran sa accounting ay dapat gamitin sa paghahanda at presentasyon ng taunan at buwanang reporting. Ang lahat ng reporting ng Grupo mula sa mga legal na entity sa Grupo ay nakabatay sa mga parehong prinsipyo ng accounting at samakatuwid ay maihahambing.

**Mga internal na kontrol**
Tinitiyak ng mga internal na kontrol ang pagsunod sa mga internal at external na panregulasyong kinakailangan.



### Q&A

**Q: Puwede ba akong mag-report ng hindi nakumpirmang benta sa quarterly report para maabot ang ating mga target?**
A: Hindi, ang mga kita at gastos ay dapat laging itala sa panahon kung kailan nabuo, kinita, o natamo ang mga ito.

**Q: Kailangan ko bang malaman kung paano matitiyak ang "integridad sa pananalapi – katumpakan at pagiging epektibo ng ating bookkeeping" kung hindi ako nagtatrabaho sa finance department?**
A: Oo, lahat tayo ay may responsibilidad na magbigay ng tumpak at naaangkop na dokumentasyon sa tamang oras hal., mga report sa gastos, mga benepisyo, at mga invoice para matiyak ang tamang reporting.

## 3.7
# Patas na kumpetisyon

Naniniwala tayo sa malaya at patas na kumpetisyon at pagiging bukas at transparent sa paraan ng pakikipagtransaksyon natin, at nakatuon tayo sa pakikipagtransaksyon nang sumusunod sa batas sa kumpetisyon sa buong mundo.

Hinding-hindi ka dapat pumasok sa mga kasunduan o pagkakaunawaan na magbibigay sa atin ng hindi patas na kalamangan o kung hindi man ay lalabag sa batas sa kumpetisyon. Posibleng ganito ang sitwasyon kung sasang-ayon tayo sa mga kakumpitensya na magtakda ng mga presyo o mga pamantayang termino, maglaan ng mga market, hatiin ang mga customer, mag-ayon ng mga bid o tender, o limitahan ang inobasyon o produksyon. Hindi rin tayo nakikipagpalitan ng pangkomersyal na sensitibong impormasyon sa mga kakumpitensya.

Bilang pangkalahatang panuntunan, hindi ka dapat magdikta ng mga presyo sa mga distributor at dealer. At hindi ka dapat magpataw ng anumang paghihigpit sa mga benta, hal., heograpiko, mga carve-out sa customer o sektor sa sinumang distributor o dealer.

### Mga pakikipagpulong sa mga kakumpitensya

Ang mga pakikipagpulong sa mga kakumpitensya ay may dalang mataas na panganib ng paglabag sa mga batas sa kumpetisyon. Panatilihing pinakamababa ang pakikipag-ugnayan sa mga kakumpitensya, at makipag-ugnayan lang kung may lehitimong dahilan para gawin iyon. Huwag na huwag makikipagpalitan ng anumang pangkomersyal na sensitibong impormasyon sa mga kakumpitensya gaya ng pagpepresyo, kapasidad ng produksyon, pananaliksik at pagpapaunlad, o mga istruktura ng gastos, o mga intensyong i-target - o huwag i-target - ang ilang partikular na customer, market, o tender.



### Q&A

**Q: Bilang bahagi ng trabaho ko, sumasali ako sa mga pagpupulong ng mga samahan sa kalakalan at sumasali rin ang ating mga kakumpitensya. Puwede ba ako pumunta?**
A: Oo, puwede. Pero siguraduhing hihingi ka ng patnubay bago ka pumunta. Posibleng may panganib na hindi ka sinasadyang maging bahagi ng mga talakayan na may kaugnayan sa mga paksang posibleng ituring na paglabag sa batas sa kumpetisyon. Kung mangyayari ang mga ganoong talakayan, dapat kang umalis sa pulong at agad na mag-abiso sa Legal Department.

**Q: Gusto nating magpatakbo ng campaign sa isang produkto at gusto nating gumamit ang ating mga reseller ng isang partikular na resale price para sa campaign na ito. Puwede ba natin iyong gawin?**
A: Hindi, puwede itong ituring na pagtatangkang kontrolin ang mga presyo kung saan puwedeng i-resell ang mga produkto. Ipinagbabawal ang pag-pressure sa mga wholesaler, installer, o direktang customer na maningil ng minimum o partikular na resale price sa anumang paraan.

**Q: Kakakuha lang natin ng isang empleyadong dating nagtatrabaho sa isang kakumpitensya. Puwede ko bang tanungin ang bagong empleyado tungkol sa mga bagong release ng produkto mula sa dati niyang kumpanya?**
A: Hindi, kahit kailan ay hindi ayos lang na hilingin sa isang bagong empleyado na magsiwalat ng kumpidensyal na impormasyon ng negosyo tungkol sa isang kakumpitensya. Lagi tayong nangongolekta ng impormasyon sa etikal na paraan.

## 3.8
# Kontrol sa pag-export at mga sanction

May responsibilidad tayong siguraduhin na ang ating mga produkto at solusyon, kasama ang mga bahagi, serbisyo, teknolohiya, at equipment ay ginagamit lang para sa mga legal na layunin at sumusunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

Bilang pandaigdigang kumpanya na tumatakbo sa iba't ibang border, ang ibig sabihin ng laging nagbabagong landscape ng kontrol sa pag-export at mga sanction ay dapat lubos na mag-ingat at magpursigi sa larangang ito.
Hindi tayo magsu-supply ng mga kontroladong produkto at solusyon nang walang kinakailangang pahintulot at hindi tayo bibili o magbebenta ng mga produkto o serbisyo sa sinumang partido na pinatawan ng sanction.

Ang lahat ng empleyadong nagtatrabaho sa mga transaksyon sa pag-export, pagbebenta, pagbili, at pananalapi ay dapat manatiling lubos na mapagbantay at magsagawa ng mga naaangkop na pagsusuri para sa due diligence at sumunod sa ating pandaigdigang programa sa pagsunod para sa kontrol sa pag-export at mga sanction.

May nakatakdang komprehensibong sistema ng kontrol ng produkto at mga sanction sa buong mundo. Kasama rito ang pang-araw-araw na pag-screen sa mga supplier at customer ng Grundfos laban sa mga opisyal na may sanction na party list, at mga pamamaraan sa pag-screen ng kontrol sa pag-export para matiyak na hindi bibili o magbebenta ng mga kontroladong produkto at solusyon nang wala ang mga kinakailangang pahintulot.



## Q&A

**Q: Puwede ba akong bumili o magbenta ng mga produkto at serbisyo sa lahat ng bansa sa buong mundo nang walang paghihigpit?**
A: Hindi, may ilang bansang maraming embargo kung saan karaniwang hindi pinapayagan ng Grundfos ang pakikipagtransaksyon. Higit pa rito, para sa ilang bansa, kailangan ng pinalawig na pagsusuri sa pagsunod. Tandaan na may ilang produktong nasasaklawan ng mga paghihigpit dahil ang mga ito ay itinuturing na mga item na may dalawang gamit, ibig sabihin, puwedeng gamitin ang mga ito para sa mga pansibilyan at pangmilitar na aplikasyon.



# 4

# Pagsasalita

Habang patuloy nating gustong paunlarin at pagyamanin ang ating kultura ng katapatan at integridad, mahalagang maglakas-loob din tayong magsalita kapag may nakikita tayong mali. Ang sinumang magsasalita nang may mabuting loob ay protektado laban sa paghihiganti.

Kung naniniwala kang nalabag ang ating Kodigo ng Asal, mga patakaran, o mga kaugnay na batas at regulasyon, hinihikayat ka naming makipag-usap sa iyong people leader, HR, o Legal Department. Kung hindi ka kumportableng makipag-usap sa kahit sino sa kanila o kung gusto mong manatiling anonymous, puwede mong i-report ang iyong mga alalahanin sa pamamagitan ng ating whistle-blower system.

## Whistle-blower system

Ang ating third-party na whistle-blower system ay nagbibigay-daan sa mga empleyado, external consultant, kasosyo sa negosyo, at iba pa na mag-submit ng mga report.
Inilalarawan ng ating patakaran sa whistle-blower kung kailan at paano gagamitin ang whistle-blower system at ang proteksyon laban sa paghihiganti, pagiging kumpidensyal, at pagiging anonymous bukod sa iba pang bagay.

Puwede kang magbasa pa tungkol sa ating whistle-blower system at/o mag-file ng report sa webpage na ito: https://grundfos.whistleblowernetwork.net



Noon pa man, ang tubig ay laging nasa sentro ng Grundfos.

Ipinangalan ng ating tagapagtatag sa kumpanya ang isa sa ating mga produkto, ang 'Grundfos' pump, na hinango sa sinaunang salitang Scandinavian para sa tubig sa ilalim ng lupa, na isang simbolo ng ating koneksyon sa tubig. Iniuugnay rin tayo sa tubig ng ating iconic na logo, ang Archimedes’ water screw, pati na rin ang ating determinadong makabagong diwa dahil sa pagkakahawig nito sa loob ng ating mga centrifugal pump.

Nananatili tayong nakatuon sa pangunguna sa mga solusyon sa mga hamon sa tubig at klima sa mundo.

© Grundfos Holding A/S 12.2023

GPH/4014279-Brandbox

**GRUNDFOS Holding A/S**
Poul Due Jensens Vej 7
DK-8850 Bjerringbro
Tel: +45 87 50 14 00
www.grundfos.com